Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Santa Cruz

# SANGGUNIANG BAYAN OFFICE

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG OKTUBRE 13, 2025, LUNES, IKA-09:15 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jericho V. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED By: 21 OCT 2025 Santa Cruz, Laguna

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RELEASED Name: Time: 21 OCT 2025 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 378- T2025**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 22-T2025 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 04-T2025 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG PATIMBAO NA NAGDARAGDAG NG ALLOWANCE NG CLERK I & 2, BARANGAY RECORD KEEPER, ADMINISTRADOR, VAWC OFFICER, IMBESTIGADOR, MESSENGER, DRIVER CARETAKER, BARANGAY POLICE O BARANGAY TANOD, BARANGAY HEALTH WORKER, BARANGAY NUTRITION SCHOLAR, STREET SWEEPER, DAY CARE WORKER, DAYCARE AIDE AT LUPONG TAGAPAMAYAPA PARA SA SUSUNOD NA TAONG 2026 AT IDAGDAG NA DIN NA MABIGYANG HONORARIUM ANG BAGONG ITATALAGANG KAWANI NG BARANGAY NA NAAAYON SA KANILANG TAMANG PLANTILLA POSITIONS ITO AY ANG BARANGAY HEALTH AIDE, CHIEF ADMINISTRATIVE AIDE I AT ADMINISTRATIVE AIDE III NA NAAAYON SA SALARY STANDARDIZATION LAW.**

SPONSOR: KGG. RIZALDY N. KALAW

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Patimbao sa sangguniang ito na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 22-T2025 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 04-T2025 na nagdaragdag ng allowance ng mga katulungin ng barangay na nakasaad sa itaas nito para sa taong 2026 na naaayon sa Salary Standardization Law;

**SAPAGKAT,** ang nasabing kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Kautusan at Batas para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** may pasubaling anumang gagawing paglalabas ng gugulin ay pananagutan ng Sangguniang Barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Kapasiyahang pinagtitibay ang Kapasiyahan Blg. 22-T2025 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 04-T2025 ng Sangguniang Barangay ng Patimbao na nagdaragdag ng allowance ng Clerk I & 2, Barangay Record Keeper, Administrador, VAWC Officer, Imbestigador, Messenger, Driver Caretaker, Barangay Police o Barangay Tanod, Barangay Health Worker, Barangay Nutrition Scholar, Street Sweeper, Day Care Worker, Daycare Aide at Lupong Tagapamayapa para sa susunod na taong 2026 at idagdag na din na mabigyang honorarium ang bagong itatalagang kawani ng barangay na naaayon sa kanilang tamang Plantilla Positions, ito ay ang Barangay Health Aide, Chief Administrative Aide I at Administrative Aide III na naaayon sa Salary Standardization Law.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Administrador, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran at Sangguniang Barangay ng Patimbao, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Oktubre 13, 2025**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**AMYCAR O. SANTOS**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan / Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. JOSEPH KRIS BENJAMIN B. AGARAO**
Punong Bayan

LAM/CEL25